
# BISIG

2015 Bol. 2



# MANGGAGAWA AT PAGGAWA SA PANAHON NG NEOLIBERALISMO

BISIG 2015

INSTITUTE OF LABOR AND INDUSTRIAL RELATIONS

**BISIG**
Office of the Vice President for Research, Extension, Planning and Development
Institute of Labor and Industrial Relations

**Rimando E. Felicia**
Punong Editor

**Jomar G. Adaya**
Tagapamahalang Editor

**Richardo M. Ramos**
Editoryal na Staff

Lupon ng mga Editor

**Emanuel C. De Guzman, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Judy Taguiwalo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Manuel M. Muhi, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Epifanio San Juan Jr., PhD**
Philippine Cultural Studies Center, USA

**Paul Quintos, MSc**
Ecumenical Institute for Labor Education and Research

**Nancy Kimuell-Gabriel, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Ramon Guillermo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**David Michael San Juan, PhD**
De La Salle University

Ang BISIG ang natatanging refereed journal sa mga research institute ng PUP na nasa wikang Filipino na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa sa Pilipinas na taunang inilalabas ng ILIR-PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sumisipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng manggagawang Pilipino. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang panlipunan, karapatan at kalagayan ng manggagawa, at iba pang katulad na ang perspektiba'y maaaring nakasandig sa multi/interdisiplinaryong lapit.

Dumadaan sa proseso ng *double-blind peer review* ang mga artikulo. Ang isusumiteng artikulo ay nararapat na orihinal at hindi pa nailalathala at nasa wikang Filipino. Sakaling nasa ibang wika, marapat na isalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Maaari itong bahagi ng tesis, disertasyon, mga tala, rebyu, komentaryo o papel na natalakay sa seminar o kumperensiya, at iba pang katulad. Kompyuterisado (MS Word doc.), doble-espasyo, Arial ang font na 12 ang puntos, at 20-30 na pahina na may lakip na 200-300 salitang abstrak (may salin sa Ingles) at susing salita na hindi lalagpas ng apat. Estilong APA 6th edition ang gagamiting dokumentasyon. Kalakip ng isusumiteng artikulo ang hindi lalagpas sa sampung pangungusap na bionote o tungkol sa awtor.

Maaaring isumite ang papel sa bisigilirpup@gmail.com o sa ilir@pup.edu.ph. Para sa mga katanungan, tumawag lamang sa numerong 3351787 local 304 o kaya ay magtungo sa tanggapan ng ILIR-PUP sa 418 South Wing, PUP Mabini Campus, Anonas St, Sta. Mesa, Manila.

# BISIG

Surian sa Paggawa at Relasyong Pang-industriya

**BISIG**
Karapatang-ari © 2015 Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng journal para sa ikasusulong ng interes at mithiin ng mga anakpawis at mamamayan. Kailangan lamang ng angkop na pagkilala sa naglathala o sa mga may-akda.

Inilathala ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

2015 Bolyum 2

ISSN: 2467-6330

**Paliwanag sa Pabalat (Cover)**

Ang sining-biswal na ginamit sa isyung ito ng Bisig ay ambag ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo “Neil” Doloricon. Pinamagatang “Globalisasyon” ang sining-biswal na nasa pabalat sa harap,samantalang “Tagapaglikha” naman ang nasa pabalat sa likod.

## Paunang Salita

Mahigit tatlong dekada ng paghambalos ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon (LPD o Lapida kung tawagin ng mga manggagawa). Paano nga'y matinding hagupit ang inabot ng manggagawa at mamamayan sa epekto ng mga patakarang ito ng globalisasyon. Naghalinhinan ang mga administrasyon sa gubyerno subalit nanatili at lalo pa ngang sumisidhi habang lumalaon ang pagpapatupad sa mga patakarang ito sa anyo ng mga batas, polisiya at programa ng mga ahensya at iba pang instrumento ng paghahari ng gubyerno.

Lalo pang tumindi ang krisis ng lipunang Pilipino. Sa kabila ng mga palamuti ng demokrasya, hindi mapapasubalian kahit kulapulan ng mapanlinlang na datos ang malubhang pagsadsad ng ekonomya ng bansa at ang matinding paghihikahos ng nakararaming mamamayan. Lumalago ang ekonomya subalit nauubos ang mga regular na trabaho, ibayong miserable ang pamumuhay ng maralita, lalong nawawalan ng lupa ang magsasaka at nasasaid ang yaman ng bansa dahil sa pagsidhi ng pangungulimbat ng mga dayuhan at malalaking kapitalista sa ating bayang sinta.

Sa kabila nito, walang palatandaang mahihinto ang mga patakarang ito. Patuloy pa ring nakatuon sa eksport, umaasa sa import at nakasandig sa dayuhang kapital at pautang ang istratehiya ng ating ekonomya. Sa kabila ng mga nagdudumilat na mga patunay, datos, anekdota, halimbawa, kwento at pag-aaral sa nakasisirang epekto nito sa ekonomya at kabuhayan ng bayan, ito pa rin ang isinusulong ng gubyerno. Tila hindi pa sapat ang tatlumpung taon ng pagkaduhagi ng ating bayan sa direktang epekto ng globalisasyong neoliberal.

Sa isyung ito ng Bisig, inilalarawan ng mga akda ang iba't ibang mukha at epekto ng globalisasyong neoliberal mula sa wika, produksyon, media, relasyong industriyal at sa iba pang aspeto ng lipunan. Layon ng isyung ito na umambag sa patuloy na pag-unawa sa globalisasyong neoliberal sa layuning hanapin ang landas tungo sa pagkakamit ng malaya at masaganang lipunan.

Sa bandang huli, walang susulingan ang mamamayan kundi ang kanilang sariling lakas. Sa kanilang sama-samang lakas matatagpuan ang tunay na kapangyarihang magbago ng lipunan. Subalit magagawa lamang ito ng mulat, organisado at determinadong mamamayan kasama ang mga istudyante, manggagawa, magsasaka at iba pang pwersang naghahangad ng tunay at makabuluhang pagbabago sa lipunan. At tapat sa aming panata --- ang Bisig ay lalaging bisig ng manggagawa at mamamayan!

**Prof. Rimando E. Felicia**
**Editor**

## Mga Nilalaman

**Introduksyon**

**Para sa Negosyo o Kalayaan? Pagsipat sa Dayuhang Pagmamay-ari at Kalagayan ng Manggagawa sa Media**
Dennis Espada **1**

**Panimulang Dalumat sa mga Tula ng mga Magkokopra sa Bondoc Peninsula Tungo sa Pagsiyasat sa Panlipunang Kaakuhan**
Romeo Peña **23**

**Pangangapital sa Wika sa Espasyo ng Kolonyal na Moda ng Produksyon sa Pilipinas**
Jomar Adaya **37**

**Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert**
U Eliserio **61**

**Kontra-Modernidad: Ilang Mungkahi sa Pagbabagong Radikal ng Lipunan**
Epifanio San Juan Jr. **79**

**Neoliberalismo at ang Kilusang Paggawa sa Pilipinas: Epekto at Pakikibaka**
Daisy Arago, Salin ni RE Felicia **89**

**Mga Kontribyutor** **125**

ROMEO PEÑA

# Panimulang Dalumat sa mga Tula ng mga Magkokopra sa Bondoc Peninsula Tungo sa Pagsiyasat sa Panlipunang Kaakuhan

*Ang papel na ito ay nakasentro sa panimulang pagsusuri sa panitikan na may kaugnayan sa pagkokopra o paglulukad (paglulukad ang taal na tawag sa Lalawigan ng Quezon sa pagkokopra) na ang karamihan ay naisulat ng mga magkokopra o maglulukad sa Bondoc Peninsula (isang distrito sa Lalawigan ng Quezon). Nakaugat ang pagsusuri sa danas at gunita sa pagkokopra na nakapaloob bilang konteksto ng panitikan na karaniwang tumatalakay kung paano nakikibaka at nakikipaglaban ang mga maglulukad sa Bondoc Peninsula sa karapatan sa lupaing kanilang kinokopra at ang karapatang magkaroon ng maaayos na buhay na hindi napagsasamantalahan ng mga panginoong maylupa na nagmamay-ari pa rin ng ekta-ektaryang lupain sa Bondoc Peninsula. Nagiging mabisang kasangkapan ng mga maglulukad ang panitikan, katunayan nito, naglalabas sila ng mga pahayagan na sila mismo ang nag-iimprenta na naglalaman ng mga akdang pampanitikan tulad ng mga tula tungkol sa karanasan nila sa pagkokopra kasama na ang paggunita nila sa kahirapang dinaranas nila sa hanapbuhay na ito, na halos dugo't pawis ang iniaalay upang kumita lamang ng panustos sa kanilang pamilya. Dito sinubukan ko ang panimulang pagmamapa sa kultura at kasaysayan ng pagkokopra sa Bondoc Peninsula. Gamit ang dalawang halimbawang tula na likha mismo ng mga magkokopra, sinimulan kong dalumatin ang nagiging panlipunang kaakuhan o identidad ng mga maglulukad mula sa danas at gunita nila sa pagkokopra sa Bondoc Peninsula. Ginamit kong batis ang mga akdang tumatalakay sa kalagayan ng Bondoc Peninsula, tiningnan ko rin ang konsepto ni Alejandro Abadilla kung paano nalilikha ang kaakuhan sa panitikan. Samakatuwid, perspektibong pang-identidad at panlipunan ang tinahak na landas ng pananaliksik na ito tungo sa pagkokonsepto ng tinatawag kong "siyasat sa panlipunang kaakuhan".*

**Mga susing salita: kaakuhan, pagkokopra, Bondoc Peninsula, maglulukad**

*This article intends to provide some notes on the emergence and development of traditional media in the Philippines such as printed publications, radio, film, television and advertising, including the new media such as online publications and others. It explores the following periods: Spanish colonialism and earlier, reform movement and the Katipunan, Manifest Destiny of the United States, martial law, and current situation. It seeks to create, through review, a preliminary discussion on the history of media ownership, and the economic and political interests underlying it. Aside from mentioning the leading media conglomerates in the world, the article analyzes the effects of liberalization within the framework of neoliberal globalization, and the proposed charter change to accomplish foreign ownership of media. It illustrates the role of printers in the history of the labor movement and the people's tireless assertion of democracy and press freedom, which includes revealing the killing of media workers one by one through contractualization and the instantaneous killing of journalists through assassination. It was deemed necessary to identify some failures of the media in fulfilling its duties as well as weaknesses in its standards, while emphasizing the call for Filipinization.*

**Key words: media ownership, charter change, contractualization, impunity**

## Panimula

Hinuhubog ng mga programa sa radyo, palabas sa telebisyon, pelikula, babasahin, adbertaysing at mga website sa internet ang pagpapahalaga ng tao sa buhay at maging ang perspektiba sa mundong ginagalawan. Para itong emosyonal na roller coaster sa pabrika ng kultura: isinasakay tayo araw-araw sa itinakdang adyenda gaya ng kung sino ang popular, kung ano ang usap-usapan o kung alin ang dapat isuot.

Dahil sinasalamin nito ang ekonomiya't politika, sabi ni McQuail (2010), "Tila ang media ay maaaring magsilbi sa panunupil o pagpapalaya, sa pagkakaisa o pagpira-piraso sa lipunan, sa pagtataguyod o pagpipigil sa pagbabago."

Pasan-pasan natin ang isang kronikong krisis subalit walang kamalay-malay sa mga ugat nito ang media, partikular iyong kolonyal at komersyalisado. Tulad ng nakagawian, nariyan pa rin ang bayas na nagpapalabnaw sa mga progresibo o rebolusyonaryong pagsusuri't panawagan. Kung mulat man ang mga taga-media, o may tapang na tumugon, sa mga problemang panlipunang kinakaharap ng mamamayan, kadalasa'y nakakahon sila sa repormistang ilusyon.

May nagmumungkahi pa ng denasyunalisasyon bilang "solusyon". Sa

*This paper focuses on the literatures related to copra production, or "paglulukad" (native term for producing copra in the Quezon Province) mostly written by copra farmers or "maglulukad" from Bondoc Peninsula (a district in the Quezon Province). The analysis is ingrained in the experiences and recollections on the labors of producing copra used as context of literature discoursing the struggles of the "maglulukad" in the Bondoc Peninsula to their rights to own the land they are tilling and rights to live without the exploitation of landlords who owns hectares of land in Bondoc Peninsula. Literature becomes an effective tool of the "maglulukad," in fact, they publish newspapers that they print on their own containing literary works likes poems about their difficult experiences, laboring on blood to make a living for their families, in their occupation. Through these, I started plotting the culture and history of copra production in Bondoc Peninsula. Using two sample poems written by copra farmers, I started reflecting on the social identity of the "maglulukad" from their experiences and recollections on "paglulukad" in Bondoc Peninsula using Alejandro Abadilla's concept on how identity is created in literature. This research therefore threads on perspectives on identity and society in conceptualizing what I call "scrutiny on social identity."*

**Key words: identity, copra farming, Bondoc Peninsula, maglulukad**

## Panimula


Ang Bondoc Peninsula na bahagi ng Lalawigan ng Quezon ay binubuo ng sandosenang bayan, Agdangan, Buenavista, Catanauan, General Luna, Macalelon, Mulanay, Padre Burgos, Pitogo, San Andres, San Francisco, San Narciso at Unisan. Ang papel na ito ay nakasentro sa pagsusuri sa mga panitikan na may kaugnayan sa pagkokopra o paglulukad (ang taal na tawag sa Quezon Province). Isyu ng lumalalang pagbagsak ng produksyong agrikultural tulad ng kopra ang nagtulak sa akin na pagtuunan ang mga pananaliksik at papel gaya nito, ngunit ilalapit at ilalapat ang malikhaing paraan ng pagtuklas, nakatuon ito sa paksa ukol sa agrikultura at sining o mas ispesipikong kopra at panitikan. Gamit ang panitikan ng mga magkokopra, dadalumatin ang panlipunang kaakuhan o identidad na inilalantad ng kopra bilang produktong agrikultural at masipat ang pagpapaunlad ng produksyon ng kopra na pinagmumulan ng mantika na ginagamit ng 83 porsyentong pamilyang Pilipino batay sa sarbey ng Philippine Coconut Authority.

Una, pagbalik at paghalungkat sa lahat ng mga nakasulat na sanggunian at panitikang hinggil sa Bondoc Peninsula at pagkokopra kasama na ang industriyang nakakapit dito ang ginagawa ko sa kasalukuyan. Sa unang paghahalungkat ko ng mga datos, natagpuan ko ang mga limbag na pahayagan ng mga organisadong maglulukad/magkokopra na sila mismo ang nagpopondo upang mailathala at maparami na magiging hanguan ng mga nakalimbag na panitikan na pumapaksa ang karamihan sa mga isyu, karanasan at gunita sa gawaing pagkokopra. Maidaragdag pa ang mga journal, limbag na aklat, tesis at disertasyon na tumatahak rin sa paksang pagkokopra. Makatutulong din siguro ang muling panonood at pagsusuri sa mga pelikula at iba pang uri ng midya na nakatuon din sa lugar ng pananaliksik, gaya ng pelikulang "Mulanay" at iba pang mga pelikula at mga dokumentaryong sumipat sa trabahong pagkokopra at ang industriya nito.

Pangalawa, balak kong gumamit ng kuwentong buhay bilang paraan sa pangangalap ng mga impormasyon at batis na makatutugon sa aking pananaliksik sa pamamagitan ng plano kong field work. Sa kuwentong buhay, tutungtungan ko ang binanggit ni Aquino (1999) patungkol dito, ayon sa kanya, "Ang kuwentong buhay ay pag-unawa sa karanasan at alaala mula sa pagkabata, pagbibinata/pagdadalaga, hanggang sa magkaasawa at maghanapbuhay hanggang sa pagsapit sa katandaan." Sinikap ding bigyan ng boses sa bahagi ng pananaliksik ang mga nakapanayam na nagsisilbing lider ng mga magkokopra sa lugar o kinikilalang personalidad sa pagkokopra sa lugar.

**Kopra at Panitikan**

Ang Bondoc Peninsula sa lalawigan ng Quezon ang napiling lugar na target ng pananaliksik dahil isa ito sa nangungunang nagpoprodyus ng kopra sa Pilipinas ngunit nitong nakaraang dekada, kinakitaan ito nang mabilis na pagbagsak ng produksyon.




*Ang larawan ay mula sa http://intrepidwanderer.com/wp-content/uploads/2013/10/Bondoc-Peninsula.jpg*

Noong 2012 sa 7th Tayabas Studies National Conference sa Nawawalang Paraiso Resort sa Tayabas, Quezon una akong tumalakay ng isang papel na may kinalaman sa Bondoc Penisula. Sa pagtalakay kong iyon, una ko munang ipinakita ang mga larawan ng Bondoc Peninsula na ako mismo ang kumuha. May kuha ako ng arko sa bukana ng may nakasulat na *Welcome Bondoc Peninsula.* Kuha ng niyugan, tapahan, kalsada, plaza, bayan, pamilihan, ilog, dagat at iba pa.

Pagkatapos kong maipakita ang mga larawan. Tinanong ko ang mga guro, *magandang lugar ba ang Bondoc Peninsula?*

Sumang-ayon lahat sila na maganda ang lugar namin.

Ang sunod kong tanong, *bakit mahirap pa rin ang buhay sa atin, sa Bondoc Peninsula?*

Nanahimik sila.

Likas sa mga taga-Bondoc Peninsula ang pagiging masunurin at mababait (Janotta, 2010). Napatunayan sa akin ito ng kilala kong manager sa isang bangko. Mantakin mong ayaw niya ng kasambahay na hindi taga-Bondoc Peninsula. Ibinida niya ang mga naging kasambahay na mula sa Bondoc Peninsula. Mababait, masusunurin, malilinis sa bahay at hindi raw mahirap pakisamahan. Madali nga lang daw ma-inlove kaya gustuhin man niyang magtagal ang mga naging kasambahay niya, umuuwi ng Bondoc Peninsula para magkapamilya. Sa isip-isip ko, ang kabaitang ito at pagiging masunurin ang sinasamantala ng mga may-ari ng malalawak na niyugan sa Bondoc Peninsula.

Ang Bondoc Peninsula ay may 222, 254 ektaryang lupain. Santo ang pangalan ng tatlong bayan sa Bondoc Peninsula. Karaniwan sa mga bayang iyon, hindi sinasanto ng gutom ang maraming mamamayan. Sa survey noong 2014 ng National Statistics Office na ngayo'y Philippine Statistics Authority, nasa 355, 158 ang populasyon at 70, 688 ang bilang ng pamilya sa Bondoc Peninsula. Otsenta porsyento ng mamamayan, paglulukad o pagkokopra ang ikinabubuhay. Malakas ang industriya ng niyog sa Bondoc Peninsula (Janotta, 2010).

Sa tala ng Philippine Coconut Authority, ang industriya ng niyog ang isa sa pinakamahalagang industriya sa Pilipinas. Ayon sa PCA:

> "Ang Industriya ng Niyog sa Pilipinas ay isa sa pangunahin at mahalagang "agri-based industries" na tumutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. Ang niyog ay ang siyang pangunahing "agricultural crop" ng higit kumulang na 69 na lalawigan sa bansa. Ito din ay isa sa pangunahing "foreign exchange earners." Sa huling limang taon (2005-

> 2010), ito ay nakapagtala ng mahigit kumulang isang bilyong dolyar na kita para sa bansa. Mahigit kumulang na 3.5 milyong magsasaka at 24 milyong mga Pilipino ang umaasa sa industriya ng niyog."

Kung ang usapin naman ay ang mismong pagkokopra, ang sangkatlong suplay ng kopra sa buong mundo ay nanggagaling dito sa Pilipinas. Itinuturing na pinakamalaking suplayer ng kopra ang Pilipinas sa bansang Amerika, Japan, at mga bansa sa Europa (Molina, 2010).

Sa kabila ng pagiging pangunahin at kahalagahan ng industriya ng niyog sa pag-aambag ng malaking kita sa Pilipinas, nananatili namang dahop ang mga magsasaka kasama na ang mga maglulukad sa Bondoc Peninsula dahil sa masalimuot na usaping agraryo. Binanggit nina Dannenberg, Lanfer at Richter (2009):

> "Only a few families in Bondoc Peninsula own a large part of the agricultural land. By means of the 1988 enacted Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) and the implemented Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) the members of the Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula (KMBP) claim to get a part of that land to improve their livelihood... but farmers who cultivated land that they did not possess had to give two third of their income to the landowner, even though the famers themselves were the ones who had to pay for the material to harvest. However, as soon as the farmers applied for a leasehold, the landowner ousted them from the territory, which left the farmers with basically nothing. Expulsion is still a very common mean to prevent farmers from engaging in a legitimate struggle for land and fair harvest distributions. Moreover, personal harassments are common practice."

Lumabas din sa pananaliksik ni Franco (2003) ang dahilan kung bakit mahina ang usapin ng repormang pang-agraryo sa Bondoc Peninsula. Binanggit niya na:

> "Before 1996, not a single hectare was included in the agrarian reform program because of the landowner's "fearsome reputation". Out of fear, no tenant in Bondoc Peninsula wanted to apply for agrarian reform coverage. Tightly guarded, the lands are hard to penetrate."

Sa isa pang pag-aaral ni Franco (2011), hindi siya natakot na ibulgar ang mga kabuktutan na nangyayari sa Bondoc Peninsula. Kasama na ang pamamaslang sa mga maglulukad na nagtangkang lumaban sa mga may-ari ng lupa. Pinamagatan ni Franco ang kanyang pag-aaral na, *Bound by Law: Filipino Rural Poor and the Search for Justice in a Plural-Legal Landcape*.

Mangilan-ngilan pa lang din ang mga pag-aaral hinggil sa Bondoc Peninsula na nakatuon sa kabuhayang pagkokopra dahil mangilan-ngilan pa lang din ang sumisibol na iskolar at manunulat. Ito rin ang naikuwento ko sa thesis adviser ko noong tinatapos ko ang aking masterado sa malikhaing pagsulat kaya hindi siya pumayag na hindi ako magsusulat tungkol sa Bondoc Peninsula.

**Ang Kaakuhan sa Panitikan ng Paglulukad sa Bondoc Peninsula**

Ano ba ang kaakuhan? Para sa isang panitikero na tinaguriang isa sa mga rebelde ng panulaan sa Pilipinas na si Alejandro G. Abadilla, ito'y panlipunang danas at gunita, hindi indibiduwalista ang kaakuhan. Kaya ang tula niyang "Ako ang Daigdig" ay hindi raw makasarili bagkus ay makalipunan. Malinaw na danas at gunita ang dalawang puwersa upang mabuo ang kaakuhan ng tao o kahit ng lipunan.

Kung dadalumatin ang salitang kaakuhan ni AGA, may binabanggit si Almario (1984) na "pagpapagitaw sa dalisay na kaakuhan na nangangahulugang pagpapalaya". Dagdag pa ni Almario, ang pagpapagitaw sa dalisay na kaakuhan ng makatang si AGA sa kaniyang tulang "Ako ang Daigdig ay hindi raw "arte" sa kahulugang artipisyal o gawa-gawa lamang; bagkus ay isang matalik na pag-uugnay ng sining at buhay upang sa wakas ay maging isa't tandaan bilang sining. Mula rito,

mahihinuhang ang kaakuhan ni Abadilla ay pagpapalaya sa pamamagitan ng panitikan. Ginamit niya ang kaakuhan upang gisingin ang diwa ng mga naunang makata sa makabagong paraan ng pagtula na hindi na maaaring hadlangan ng tugma't sukat na kumikipil sa kalayaang maglulan ng diwa't kaisipan. Hindi nakatuon sa indibidwalismo ang kaakuhan dito gaya ng bintang ng mismong mga kaibigan at kritiko ni Abadilla sapagkat ang punto ng kaakuhan ng tula/panitikan dito ay para sa pagpapalaya sa daigdig o lipunang kinapapalooban ng maraming katunggakan.

Malaki ang nagagawa ng danas upang mabuo ang kaakuhan. Sa danas nagmumula ang pagtatakda kung paano naiiba at nagkakaroon ng relasyon ang tao sa kaniyang lipunan. Sa danas umuusbong ang pinagsasalukan ng kaakuhan, kung paano umiral sa espasyo ng malaya't hindi malaya. Hindi magkasalungat ang danas at kaakuhan sapagkat ang danas ay ang mismong kaakuhan na gumigitaw at pumapailanlang.

Samantala, makapangyarihan ang gunita. Ang kapangyarihan nito'y malakas na nagiging imbakan ng mga pangyayari, na ang pangyayari ay resulta ng gawain ng tao sa ginagalawang lipunan. Ang kaakuhang hinuhulma ng gunita ay malalim na paglirip sa pag-iral ng tao. Kung nakagugunita, ang kaakuhan mismo ang naitatala.

Samakatuwid ganito ang pormulasyon ng kaakuhan:

Danas ⟶ KAAKUHAN ⟵ Gunita

Tinatalunton ng danas sa pamamagitan ng linya patungong kaakuhan ang daloy ng tuloy-tuloy na pagbubuo ng kaakuhan at ang linya na pabalik sa kaakuhan mula sa gunita ay nangangahulugang muli't muling paglikha ng kaakuhan.

Sa patuloy na pag-iral sa lipunan, ang danas ay hindi mawawala. Tuloy-tuloy ang danas sa espasyong nilulugaran. Ang danas ay lagi't laging magiging salukan ng kaakuhan. Ang danas ng tao sa lipunang kaniyang

ginagalawan ay magkakaiba kaya magkakaiba ang kaakuhan ng bawat nilalang, subalit maaaring magkakaugnay ito dahil iisa ang lipunang ginagalawan. Sa pamamagitan ng kapangyarihang umalala, ang gunita ay maaaring balikan sa espasyong nilugaran. Ang gunita ay muli't muling magiging kadluan ng kaakuhan.

Sa pormulasyon sa itaas, malinaw na ang pagdanas at paggunita ang gagamiting kaakuhan. Ang kaakuhang nilapitan ko at isinulat. Ito ang pag-aaral at pagsusuri sa batis ng kaakuhan ng Bondoc Peninsula na aking pinagmulan. Tingnan ang pormulasyon na iniangkla sa pormulasyon sa itaas:

Danas sa Paglulukad ⟶ KAAKUHAN NG PANITIKAN ⟵ Gunita sa Paglulukad
NG BONDOC PENINSULA

Makabuluhang dalumatin ang panitikan ng mga magkokopra sa Bondoc Peninsula. Lalo na sa pagdalumat ay susubukang silipin at sipatin ang mga manunulat sa lugar na ito gaya nina Dominador Zulueta at Jessie Tolentino pati na rin si Jennifer Franco na bagamat hindi taga-Bondoc Peninsula ay may malawak na pag-aaral sa kabihasnan at kultura ng lugar na ito. Sa pagdulog sa paksa, malawak ang kinailangang saliksikin at sinupin subalit nararapat lamang itong simulang usisain.

Sa kritikal na pagsipat sa kaakuhan ng panitikan sa Bondoc Peninsula, susubukan munang tingnan ang lipunan at ang iba pang usapin sa loob ng lipunan gaya ng kasaysayan, politika, ekonomiya at kultura, ang mga ito'y hindi isasantabi bagkus ilalangkap ito nang husto upang higit na masuri ang kasalukuyang kalagayan ng lugar na mababakas sa panitikang umuusbong sa pook na ito. Sa pamamagitan ng mga sumunod na nagdambana ng kaakuhan, sisilipin kung ang kaakuhan ay dapat naghahantad ng panlipunang praktika at kultural na danas.

At sa pagsipat sa kaakuhan ng panitikan sa Bondoc Peninsula, may sariling danas at gunita sa paglulukad ang pook na ito. Magiging maingat at matapat ang pagsipat. Ang pagsipat ay nangangahulugang hindi pagkakahon ngunit magtatangkang sinupin at itala ang paggalaw ng mga tao sa lipunan bilang mga karakter na naghuhulma ng kaakuhan ng panitikan sa lugar.

May katuturan ba ang pagsipat sa kaakuhan ng panitikan sa isang lipunan? Ang sagot, makatuturan sapagkat ang pagsipat sa kaakuhan ng panitikan ay ang pagsipat sa danas at gunita sa lipunan.

**Panlipunang Kaakuhan sa Pagsusuri sa Panitikan ng Pagkokopra sa Bondoc Peninsula**

Sa panimulang pagsipat ko sa panitikan sa Bondoc Peninsula, ilan sa mga tumambad sa akin ay ang ilang tula ng mga manunulat sa lugar na nailathala sa mga pahayagang pang-maglulukad na tinutustusan mismo ng mga maglulukad ang pagpapaimprenta.

Unang halimbawa ay ang tula na isinulat noong 1996 ni Jessie Tolentino mula sa Bayan ng Catanauan. Nailathala ito sa pahayagang Balitanaw, narito ang tula:

***Tula 1:***

***Lukad***

*Magkaparis ang timbangan at ang langit*
*Sako-sako ang liwanag sa malayo,*
*Yaring lukad na may kislap sa timbangan*
*Napapaling, nagkukulang, lumalayo.*
*Nang makita sa timbangan, di napatid*
*Ang pangamba ng puso ko sa lipunang*
*Tila lahat, pagdurusa ang hatid,*
*Di matanaw ang presyong kailangan.*
*Kalangitang natatanaw, di masabing*
*Ang liwanag na malayo ay makitang*
*Nagniningning tuwi-t'wina, pagkat pipi*
*Itong layo, di maabot ng pag-asa.*
*Magkatulad itong presyo at pagitan,*
*Napakalayo, parang langit at timbangan.*

Mababakas sa tula ni Tolentino ang kasalukuyang lugmok na kalagayan ng mga maglulukad sa Bondoc Peninsula. Maglulukad mismo ang persona ng tula na nagpapakita ng kawalan ng pag-asa upang umunlad sapagkat "Magkatulad itong presyo at pagitan/Napakalayo, parang langit at timbangan" na nangangahulugang hindi angkop ang pagpepresyo sa lukad na ipinatitimbang at patutunayan ito ng linyang "Di matanaw ang presyong kailangan" kaya nasabi ng persona sa tula na "Nang makita sa timbangan, di napatid/ Ang pangamba ng puso ko sa lipunang/ Tila lahat, pagdurusa ang hatid". Kahit malinaw sa tula ang pananamantala sa mga maglulukad dahil sa pagkontrol sa presyo ng lukad, napipipi sila dahil takot sa mga mayayamang may-ari ng mga Coconut Mill na bumibili ng lukad na karaniwang may-ari rin ng malalawak na lupain sa Bondoc Peninsula.

Isa pa sa unang tulang sinuri ko ay ang akda ni Dominador Zulueta na mula sa Bayan ng Padre Burgos. Narito ang buong tula na nailathala rin sa pahayagang Balitanaw noong 2000:

***Tula 2:***

***Laging sa Kopras***

*Itutuloy na sana ang paghakbang*
*ngunit pinipigil ang mga paa*
*upang di na mahirapan*
*ang mga himaymay ng binti.*

*Bakit kaya minsan,*
*gusto ko mang huwag humakbang*
*inilalakad ako ng sarili kong paa*
*ang paa na tanging paa lang*
*ang kayang magpalakad sa paa.*

*Sa tuwing pagod na ang paa,*
*laging sa kopras ko isinisisi*
*ang sakit ng bawat hilatsa.*

*Iniinda, ang kurot at kirot*
*na nararamdaman ng binting*
*walang sawang umaalalay*
*sa aking mga paa.*

Kung lilimiin ang bawat salita ng tula ni Zulueta, makikita ang hirap na dinaranas ng isang maglulukad. Ang imahen, tono at talinghaga ng tula ay damdaming nakapaloob sa gunita ng personang maglulukad. Damdamin na kung saan ito'y persepsyon sa lahat ng nangyayari sa loob at labas ng katawan ng tao, pati ang mekanismo o kasangkapan nito na bunga ng isang mahirap at mabigat na gawain—ang paglulukad. Kung gayon, sa mga linyang "laging sa kopras ko isinisisi/ ang sakit ng bawat hilatsa" ng persona ay nandoon ang tunay na hinaing niya.

**Kongklusyon**

Ang pananamantala sa mga maglulukad at ang sobrang hirap na dinaranas nila ang ilan sa dahilan ng unti-unting pagbagsak ng produksyon ng kopra dahil nakikita ng mga mismong maglulukad na walang pag-asang umunlad sa ganitong trabaho kaya ang karamiha'y nakikipagsapalaran na lamang sa ibang lugar upang maghanap ng ibang trabaho. Unti-unting nawawala at nawalan ng gana sa pagkokopra ang mga maglulukad dahil sa hindi maaayos na pagtrato sa kanila ng mga may-ari ng mga niyugan at ang tila hindi makatarungang hatian sa kita sa pagkokopra. Marami ring mga niyugan na ipinatistis na ang mga puno ng niyog upang gawing coco lumber at ang ibang lupain ay ipinagbili na sa mga dayuhan na ginawa namang factory, resort at pabahay.

Sa huli, bagamat masasabing buhat sa karanasan mismo ng mga manunulat ang kanilang mga akda at ang mismong danas nila sa lipunan ang kanilang isinusulat, nagsisilbing tagamulat ng kamalayan ang ganitong panitikan sa kasalukuyang kalagayan ng Bondoc Peninsula. Naglalatag sila ng mga pangyayaring hindi gaanong nasusulyapan ng buong bansa ngunit naramdaman ito sa dako nila. Ang mga ganitong mga akda batay

kay Abadilla ay "Hindi maituturing na bunga lamang ng karanasan kundi ito'y isang likhang-sining na katangi-tangi ang pagkakabuo upang lagumin ang kaakuhan ng isang lipunan. Maraming nangagsusulat upang tuklasin ang kaakuhan, kaya ganoon ang kanilang panitikan, buhat iyon sa kanilang kaakuhan. Lahat naman ng tao ay may kaakuhan. Iba-iba nga lamang. Malaki ang nagagawa ng danas at gunita upang mabuo ang kaakuhan at upang masipat at masuri ang dahilan ng mga nagiging suliranin ng lipunan."

**MGA SANGGUNIAN**

Abadilla, A. G. (1944). *Tula: Kaisahan ng Kalamnan at Kaanyuan* nasa Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan ni Soledad S. Reyes. Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing Inc.

Abadilla, A. G. (1955). Ako ang Daigdig at iba pang mga Tula. Maynila: Silangan Publishing House.

Almario, V. S. (1984). *Ang Halimbawa ni Abadilla* nasa Balagtasismo Versus Modernismo. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press.

Aquino, C. C. (1999). *Pagbabahagi ng Kwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin* nasa Gender-Sensitive and Feminist Methodologies; A Handbook for Health and Social Researchers, pat. Sylvia H. Guerrero. Quezon City: University of the Philippines Press.

Dannenberg J., Lanfer A., at Richter J. (2009). *Criminalization of Human Rights Defenders in Agrarian Conflict - Structural Considerations* nasa Observer: A Journal on Threatened Human Rights Defenders in the Philippines. Quezon: International Peace Observers Network.

Franco, J. C. (2003). On Just Grounds: The New Struggle for Land and Democracy in the Bondoc Peninsula. Quezon City: Institute for Popular Democracy and Amsterdam: Transnational Institute.

Franco, J. C. (2011). Bound by Law: Filipino Rural Poor and the Search for Justice in a Plural-Legal Landscape. Quezon City: Ateneo De Manila University Press.

Jannota, E. (2010). *More than Just Farmers-The KMBP in Bondoc Peninsula* nasa Observer: A Journal on Threatened Human Rights Defenders in the Philippines. Quezon: International Peace Observers Network.

Molina G. (2013). Coconut Industry in the Philippines nasa http://rboi.gov.ph /uploads/doc_files /coconutindustry.pdf

Philippine Coconut Authority (PCA) website: http://www.pca.da.gov.ph/

Philippine Statistics Authority (PSA) website: https://www.psa.gov.ph/

## Mga Kontribyutor

Si **Dennis Espada** ay isang makata, manunulat at mamamahayag. Siya'y mag-aaral ng Komunikasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) Graduate School at fellow sa tula ng Palihang Rogelio Sicat sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Siya'y faculty member sa Kolehiyo ng Sining at Agham sa Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa.

Nagtuturo ng wika, panitikan at pananaliksik sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP si **Jomar Adaya**. Nagtapos din sa nabanggit na unibersidad ng AB Filipinolohiya at MA Filipino, at kasalukuyang kumukuha ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Labor Research and Publications sa ilalim ng ILIR-PUP.

Si **U Eliserio** ay nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Awtor siya ng *Kami sa Lahat ng Mataba* (UST, 2016), koleksyon ng kritisismo. Natanghal na ang kanyang mga dula sa UP, Miriam College, at Cultural Center of the Philippines. Nagsusulat din siya ng maikling kuwento.

Kasalukuyang kumukuha si **Romeo Peña** ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman at dito rin nagtapos ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat. Nagtapos siya ng AB Filipinolohiya sa PUP at dito rin nagtuturo ng wika, panitikan, malikhaing pagsulat, at pananaliksik. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Social History sa PUP.

**E. SAN JUAN, JR,** professorial lecturer sa Polytechnic University of the Philippines, ay emeritus professor ng English, Comparative Literature & Ethnic Studies sa ilang unibersidad sa U.S. Ilang bagong libro niya: Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan (De la Salle U Press); Ambil (Philippines Studies Center); Between Empire and Insurgency (U.P. Press); Learning from the Filipino Diaspora (UST Press); Filipinas Everywhere (Sussex Academic

Press); Wala (PUP Press), at ang nakasalang na bagong libro: Carlos Bulosan (New York, Peter Lang)

Si **Daisy Arago** ay kasalukuyang Executive Director ng Center for Trade Union and Human Rights. Organisador, edukador at mananaliksik sa kilusang paggawa sa Pilipinas at maging sa ibayong dagat. Kamakailan, pinangunahan ni Ka Daisy ang pananaliksik sa mga batang manggagawa sa plantasyon sa Mindanao na inilimbag sa aklat na Children of the Sunshine Industry: Child Labor and Workers Situation in Oil Palm Plantations in CARAGA.

Titser at habambuhay na istudyante sa sosyolohiya, ekomomiks, at pagpapaunlad pampamayanan si **RE Felicia**. Nagtapos ng Masterado sa Pagpapaunlad ng Pamayanan sa University of the Philippines (UP), at Economics sa University of the East (UE). Bukod sa ILIR-PUP, bahagi din siya ng iba't ibang institusyong pangmanggagawa tulad ng Ecumenical Institute of Labor Education and Research (EILER), at Defend Job Philippines. Napapanood siya bilang Ka Mando sa serye ng mga educational video ng Kwentong Obrero. Sa likod ng kamera, si Sir Mandy ay may kinalaman sa mga dokumentaryong tulad ng Kwadradong Daigdig (tungkol sa globalisasyon), Lupa ay Laya (kasaysayan ng kilusang magsasaka sa Pilipinas), at Proletaryado (kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas).

Kilalang artista ng bayan at ng uring mangagawa, at dating Dekano ng College of Fine Arts, Unibersidad ng Pilipinas, si **Leonilo "Ka Neil" Doloricon**. Bukod sa pagiging lider-akademiko, pinanday ang sining ni Ka Neil ng mayaman at mahabang karanasan bilang organisador, edukador at lider-manggagawa.

Bahagi ng

epistemikong komunidad ng PUP,

ang Surian sa Paggawa

at Relasyong Pang-industriya (ILIR)

ay nagsisilbing

**saliksikan,**

**ugnayan,**

**daluyan,**

**sanayan,**

**suportang serbisyo**

**at**


**adbokasiya**

upang maging ambag ng PUP

sa pagbubuo ng maunlad,

masagana at nagsasarili ng ekonomya at lipunan

sa pamamagitan ng produktibo at mulat na paggawa.



POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
1904